WATTS NEWS ● NEWSLETTER ISSUE
Ang Opisyal na Publikasyon ng Nueva Ecija II Electric Cooperative, Inc.-Area 2



**BAGONG SUPLAY.** Isinagawa ang groundbreaking ceremony ng Dupinga Mini Hydropower Plant noong 24 Hunyo 2020.

ph.arteliagroup.com

# SAPAT AT ABOT-KAYA

## DMHC palalakasin ang power supply ng NEECO II-Area 2

**Tuluy-tuloy ang mga hakbang tungo sa pagresolba ng dumadalas na power interruption, at panatilihing mura ang presyo ng kuryente.**

Bagamat isa sa may pinakamababang power rate sa Gitnang Luzon at buong bansa (PhP 7.84/kWh), ang kooperatibang nakaluklok ang punong tanggapan sa San Leonardo, Nueva Ecija ay naninigurong hindi magiging mabigat ang epekto ng tumataas na halaga ng fossil fuels partikular ang coal sa mga member-consumer-owners.

Selyado na ang 4.8 megawatts power supply agreement sa pagitan ng NEECO II-Area 2 at Dupinga Mini Hydro Corporation, na tugon sa Renewable Portfolio Standards ng Pilipinas.

Batay sa RPS, inaatasan ang mga electric distribution utilities na pataasin ang paggamit ng renewable energy ng 1% kada taon simula pa noong 2020 hanggang 2030.

Ang naturang kontrata ay lalakad hanggang 2040.

Isa sa pangunahing benepisyo ng renewable energy ay sa pang-kalusugang aspeto – ang tumataas na konsumo ng fossil fuels ay nakaaapekto sa paglala ng air pollution.

Nanguna sa nabanggit na contract signing sina NEECO II-Area 1 at 2 Board President Reynaldo Villanueva, at NEECO II -Area 2 General Manager Ramon De Vera kasama ang Alter Energy Corporation at DMHC.

Kinumpirma ni Development Bank of the Philippines (DBP) President at Chief Executive Officer Emmanuel Herbosa na aprubado na ng naturang bangko na pinamamahalaan ng gobyerno ang PhP 660 Million loan na gagamitin sa pagtatayo ng Dupinga Mini Hydro Power Plant.

# BIDA ANG BATA

## N2A2 Kids: Ikaw ang Bida Program isinagawa sa tatlong bayan

**School supplies, activity books, snack packs, at tsinelas ang natanggap ng mga bata sa Sitio Pinaltakan, Caballero, Palayan City; Labi, Bongabon; at Sitio Ginebra, Gomez, Santa Rosa mula sa ating NEECO II-Area 2 bilang bahagi ng isinagawang NEECO Kids: Ikaw ang Bida program.**

Sa pagtutulungan ng Institutional Services Department, branch offices na nakatalaga sa mga nasabing bayan ay naisakatuparan ang tatlong batches ng naturang programa para sa 2022.



NEECO II-Area 2 Photobank

**MUNTING REGALO.** Ang nalikom na pondo mula sa pinagsama-samang kontribusyon ng mga kawani, at stakeholders/ partners ng NEECO II-Area 2 ang ipinambili ng snack packs, at tsinelas para sa NEECO Kids: Ikaw ang Bida Program.